

**LUKSANG-PATI PARA
KAY ALEX REMOLLINO
AT IBA PANG TULA**

Bienvenido L. Lumbera

LUKSANG-PATI PARA KAY ALEX REMOLLINO

Kaming naiwan mo
Na umaasang magiging kaagapay ka
Hanggang marating ang lipunang inaasam natin,
Nakaramdam kami ng sindak at panlulupaypay.

Mahaba pa sana ang panahon
Na kasabay ka pa namin sa paglalakbay,
Pero ginupo ka ng traydor na sakit,
Inagaw ang lakas na maipapahiram.

Ang mga salitang lakas mong pumipiglas
At nanibasib sa aming binti't bisig,
Mga butil ng pag-asa at sigasig sadibdib,
Humubog ng landas tungo sa nag-aalab na bukas.

Ngayo'y nakatitik na mga salita na lamang
Ang naiwan sa amin, at ang aming paglalakbay
Ay tulak na lamang ng mga alaala ng nilimbag sa video at larawan,
Mga ulat at tulang sinisinop, tinitipon ng kabataang nahapis.

Alex, paalam, patuloy pa rin ang aming paghakbang,
Hila-hila ng mataginting mong panawagan
Sa mga tula mo at mga sanaysay,
Salamat sa mga gunitang sa pangarap natin ay nagpapatibay.

PAGDALAW SA BELEN, 2009*Para kina Andres at Bien Miguel*

Pasensiya na, aming mga apo,
Kaming dinatnan ninyo,
Wala kaming naipong ginto,
Mira at kamanyang
Na sukat ialay sa inyong pagsilang.

Mahaba, sanga-sanga ang landas naming tinunton,
At maraming abang puntod ang naging pananda
Ng aming pagdaan. Naghintay kami sapag sikat
Ng pulang talang magpapalaya,
Hanggang abutin ng pagkabagot
Ang iba naming kasama, at ang iba,
Ng pag-aalinlangan, at ang iba pa
Ay naghanap ng iba namang pangarap.

Habang naghihintay, nagsulat kami
Ng pana-panahong ulat, at nagpakalat
Ng umaapoy na manipesto.
Nagtanghal kami ng mga dula,
Nanawagan para sa pagbabago.
Bumigkas ng mga tulang bawat tugma
Ay nagsasakdal, nakatanaw sa hustisyang
Kailan kaya makakamtan?
Inawit namin ang mga himutok at pagbabanta
Ng mga kasamang magsasaka at manggagawa.

Sa ilalim ng nagbabagang araw, dumagsa kami sa haywey,
Kaisang kawan-kawang inabuso ng militar.
Tinambangan namin ang mga kaaway sa kanayunan,
Sumanib sa pamumuhay ng mga katutubo,
Nakitanim kasama ng nagkakaingin, nakibigkis-bisig
Sa mga pari, madre at seminarista.

Ganyan namin pinaraan ang maraming taon,
Nakaguhit sa noo
Ang apoy ng pulang tala
Na sisikat at sisikat din
Sa langit ng ating bayan.

TAGUBILIN: SA MGA ISKOLAR NG BAYAN

Bulwagang kolonyal ang pinagsimulan,
Sadyang itinayo bilang pasanayan
Ng manunungkulan sa pamahalaan
Ng Amerikanong sumaklot sa bayan.

Taliwas sa layon ng mga sumakop,
Ang unibersidad, nagbango'tkumilos,
Natutong lumaya, tumayong bantayog,
Naging institusyong ayaw magpabansot.

Karunungang handog ng unibersidad
Ginawang tumana ng bayang maunlad,
Binhing kaalama'y pinunla sa utak,
Sa sambayana'y tumubo ang lakas.

Kayong kabataang salinlahing bago,
Halina't araling magpakatotoo,
Magtanong, tumutol, suriin ang dayo,
Sarili'y hanapin, kayo'y Filipino.

Abutin ang sulo ng giting at tapang,
Bayang sinisilim ay inyong tanglawan,
Hawiin ang dilim ng pandarayuhan,
Akayin ang bayan sa kaliwanagan.

Awit at tulain sa baya'y ihain,
Bako-bakong landas ng baya'y patagin,
Ang araw ng bukas huwag paghintayin,
Sa langit ng ngayo'y dapat nang magingning.

Siglong magdaraa'y may paghamong hatid,
Hihinging alay ang puso at dibdib,
Hahamunin kayong sarili'y iwaglit
Lumuwalhati lamang ang bayang piniit.

Sa pagsulong ninyo tungo sa pangarap,
Oblatio'y nariyan, bantayog ng lakas,
Hahamunin laging ihandog ang lahat
Nang kamtin ng bayan ang paglayang ganap.

Sumulong patungo sa bagong sentenyal,
Simulang isaysay bagong kasaysayan,
Sige, kabataan, sa giting mo't tapang,
Itanghal ang bagong pamantasang hirang.

PARANG BULAKLAK O DAHON*Para kay Shayne*

Parang bulaklak o dahon,
Palutang-lutang na bumababa ang maya sa damuhan.
May patalastas kayang dala
Mula sa walang direksiyong paglalakbay
Sa himpapawid?

At biglang pakpak na pipiglas paakyat
Upang ituloy ang walang direksiyong paglalakbay.

Ganyan yata ang haraya sa pagdapo sa paksa,
Saglit na saglit lamang nag-iiwan ng tula,
Na paglapat sa lupa ay maghihintay
Ng mambabasa, na kung minsan
Ay hindi dumarating,
At kung dumating man
Ay nagdudumali.

Minsan naman, mapapatda
Ng mga salita ang mambabasang
Walang magawa,
At magaganap ang isang himala–

Matutuklasan ang patalastas
Na iniwan sa damuhan
Ng bulaklak/dahon/maya.